# Gabay ukol sa Buwis para sa mga dayuhang mamamayan

【Isinalin sa Tagalog】

外国人市民のための税金のしおり　タガログ語版



# Tungkol sa Buwis

Ang buwis sa Toyohashi ay isang mahalagang pera na ginagamit upang maisagawa ang iba't-ibang mga pampublikong serbisyo, tulad ng sunog at iba pang pang-emergency na mga gawain. Gayundin ang pamamahala sa elementarya, junior high school, mga pabahay ng munisipyo, koleksyon ng basura, panustos sa pagpapaayos ng mga kalsada at mga parke.
Kaya, napakahalaga na magbayad ng buwis sa takdang oras.
**Kapag kayo ay nakatanggap ng paunawa ng buwis (tax notice) siguraduhin na suriin at magbayad sa takdang petsa na nakasulat sa paunawa.**

Kung may mga katanungan tungkol sa buwis, mangyaring makipag-ugnayan sa Toyohashi City Hall

Inilabas ng Toyohashi City Hall



## Ang maginhawang paraan ng pagbabayad ng buwis

**Ang pagbabayad ng buwis ay may deadline.**
**Ang hindi pagbayad sa takdang petsa ay mumultahan at idadagdag sa susunod na pagbayad.**
**Kaya magbayad sa takdang oras.**

# ☆Pagbabayad sa convenience store☆

☺ Dalhin ang papel para sa pagbabayad sa buwis at magbayad.

☺ Mga uri ng tax na maaaring bayaran

○ National Health Insurance tax (*Kokumin Kenkou Hokenzei*)
○ City and prefectural tax (*Shi - Ken Minzei*)
○ Light vehicle tax (*Kei Jidoushazei*)
○ Property tax (*Kotei Shisanzei*)

☺ **Maaari kang magbayad sa mga convenience store saanman lugar sa bansa**

☺ **TANDAAN**
※ hindi maaaring magbayad sa convenience store kung ang statement of payment ay walang barcode, kapag ang due date ng pagbabayad ay lumipas na at kung ang halagang dapat bayaran ay higit sa 30 lapad pataas.

Para sa iba pang katanungan, tumawag sa Toyohashi City Hall,
Tax Division ☎ 0532 - 51 - 2238

# ☆Pagbayad gamit ang Account Transfer☆

☺ Mula sa bank account, gawin ang debit para sa bawat deadline sa pagbabayad ng buwis.

☺ Mga uri ng buwis na maaaring bayaran:

| | |
|---|---|
| ○ National Health Insurance tax | (*Kokumin Kenkou Hokenzei*) |
| ○ City and prefectural tax | (*Shi - Ken Minzei*) |
| ○ Light vehicle tax | (*Kei Jidoushazei*) |
| ○ Property tax | (*Kotei Shisanzei*) |

☺ Sa pag-aapply ay kakailanganin ang inyong passbook at selyo (inkan), pumunta sa counter ng bangko/post office saan man sa Toyohashi.

☺ **TANDAAN**

※Ang pagdebit ay magsisimula sa katapusan ng susunod na buwan mula sa buwan ng pag-apply.

※**Ang pagbabayad ng National Health Insurance tax (Kokumin Kenkou Hokenzei) ay sa pamamagitan din ng account transfer.**

※Sa sandaling mag-apply ng account transfer, awtomatikong ibabawas dito ang mga bayad sa buwis taun-taon.




Para sa iba pang katanungan, tumawag sa
Toyohashi City Hall, Tax Division
☎ 0532 - 51 - 2235

☆**<u>Maaaring magbayad ng buwis sa counter ng alinmang bangko o credit union sa Toyohashi at post office,</u>** kailangan lamang na dala ninyo ang papel para sa pagbabayad ng buwis**.**

# ☆ Ang mga buwis sa Toyohashi maaaring bayaran ng Cashless！



- Municipal and Prefectural Tax（ordinary collection）
- Light vehicle tax（classification rate）
- Property tax・City Planning tax
- National Health Insurance Tax

## ◎ Credit Card

JCB VISA mastercard AMERICAN EXPRESS Diners Club INTERNATIONAL

Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng pagpunta sa local tax payment site, i-scan ang QR code sa payment slip at ilagay ang impormasyon ng inyong credit card.

### Mga kailangan

① Payment Slip na may nakapri Smartphone・Tablet, atbp.
③ Credit Card

### Paraan ng pag-access

▼Sa pamamagitan ng pag-search

地方税お支払サイト　検索

▼Sa pamamagitan ng pag-access sa
↓↓ local tax payment site ↓↓

https://www.payment.eltax.lta.go.jp/

▼Sa pamamagitan ng QR code

I-scan ang QR code para ma-access

## ◎ Cashless Payment

LINE Pay 請求書支払い　PayPay　au PAY　d払い　J-coin

Gamit ang bill payment ng Cashless payment app, maaari mong i-scan ang QR code ng payment slip at magbayad mula sa sinisingil na balanse.

### Mga kailangan

① Payment Slip na may nakaprint na QR code
② Smartphone・Tablet, atbp. kung saan nakarehistro na ang app.

※Para sa pagpaparehistro ng account, paraan ng pagsingil atbp., mangyaring tingnan ang website ng bawat kumpanya

※Ang mga buwis na may kabuuang halaga na higit sa 300,000 yen ay hindi maaaring gamitin（Ang au PAY ay hanggang 250,000 yen）

# Ang Pangunahing buwis ng Toyohashi



| Uri ng buwis | Mga Detalye | Makipag-ugnayan sa |
|---|---|---|
| **National Health Insurance tax / Kokumin Kenkou Hokenzei**  | Ang mga tao na may residence card sa Toyohashi City ay maaaring mag-apply para sa National Health Insurance ng Toyohashi.(Ang mga taong may health insurance sa trabaho at social insurance ay maaaring hindi na mag-apply)<br>Ang halagang babayaran sa National Health Insurance ay ibabatay sa kabuuang kita ng nakaraang taon, at iba pa.<br>Sa pamamagitan ng sistema na ito ay bababa ang gastos pangmedikal kapag nagkasakit o nasugatan. Maaari kang makatanggap ng mga medikal na pangangalaga.<br>**Ang pagbabayad ng buwis para dito ay sa pamamagitan ng account transfer.** | Toyohashi City Hall<br>National Health Insurance and Pension Division<br>0532-51-2295<br><br>Kanlurang bahagi ng gusali (Unang palapag) |
| Buwan ng pagbabayad | 7・8・9・10・11・12・1・2 | |

| Uri ng buwis | Mga Detalye | Makipag<br>-ugnayan sa |
|---|---|---|
| **City and prefectural tax/**<br><br>***Shi・Kenminzei***<br> | Ang city and prefectural tax ay buwis na kailangang bayaran ng mga residente sa munisipyo kung saan siya nakatira simula Enero 1. Ito ay buwis na inaayon sa kita ng nakaraang tao.<br>Ito ay dapat na idinedeklara tuwing Marso 15 bawat taon.<br>Gayunpaman, kung ikaw ay naaangkop sa mga nakasulat sa ibaba ay hindi na kinakailangan pang magdeklara.<br>① Mga taong mula sa lugar ng trabaho mismo ang nagsusumite ng ulat ng payroll sa munisipalidad. Hindi lamang ang suweldo noong nakaraang taon.<br>② Mga taong tapos na sa opisina ng year-end adjustment.<br>③ Mga tao na isinumite sa tanggapan ng buwis ang isang tax return ng income tax.<br>Ang mga taong hindi inaawasan sa sweldo sa opisina ay kailangang mag-sign up para sa isang account transfer, dalhin ang payment slip sa bangko o sa convenience store at duon magbayad. | Toyohashi City Hall<br>Citizens Tax Division<br>0532-51-2200<br><br>Kanlurang bahagi ng gusali (Pangalawang palapag) |
| Buwan ng pagbabayad | 6・8・10・1 | |

| Uri ng buwis | Mga Detalye | Makipag -ugnayan sa |
|---|---|---|
| **Light vehicle tax/** ***Keijidoushazei***   | Ito ay buwis para sa mga nagmamay-ari ng maliliit na sasakyan gaya ng motor, at iba pa simula Abril 1 ng taon. | Toyohashi City Hall Property Tax Division<br>0532-51-2210<br>Silangang bahagi ng gusali (Pangalawang palapag) |
| Buwan ng pagbabayad | 5 | |
| **Property tax/** ***Kotei Shisanzei***  | Ito ay buwis para sa mga taong nagmamay-aari ng lupa, bahay at iba pang depreciable property (mga makina, gusali, at iba pa) sa lungsod mula Enero 1 ng taon. | Toyohashi City Hall Property Tax Division<br>0532-51-2215<br>Silangang bahagi ng gusali (Pangalawang palapag) |
| Buwan ng pagbabayad | 5・7・12・2 | |

# Buwis na dapat bayaran sa pamahalaan at sa Aichi Prefecture

| Uri ng buwis | Mga Detalye | Makipag -ugnayan sa |
| --- | --- | --- |
| Income tax (national tax) | Buwis na ibabawas sa isang taong kita ng mga indibidwal (Buwis na ibabawas mula sa suweldo) | Toyohashi tax office 0532-52-6201 |
| Automobile tax (Prefectural tax) 660cc pataas | Buwis para sa mga taong nagmamay-ari ng kotse | Higashi Mikawa Prefecture tax office 0532-54-5111 |



# Q&A tungkol sa pagbabayad ng buwis



Q. Dumating ang abiso sa buwis(tax notice)mula sa munisipyo.
Saan ako pwedeng magbayad?

A. Magbayad sa bangko o sa credit union saanman sa Toyohashi, post office at convenience store hanggang sa deadline na nakasulat sa papel (payment book). Para sa mga taong nag-apply para sa account transfer ay kinakailangan din gumawa ng debit account para sa pagbabayad ng buwis sa petsa ng deadline. (para sa karagdagang mga detalye, tingnan ang pahina 2)

Q. Ano ang mangyayari kung sakaling hindi bayaran ang buwis?

A. Kapag hindi nakapagbayad ng buwis sa itinakdang petsa ay magkakaroon ito ng multa. Sa karagdagan, batay sa batas, kung hindi kayo magbabayad ay sapilitan itong kukunin sa inyong sahod o sa inyong account sa bangko. Kaya magbayad ng buwis sa itinakdang petsa.

Q. Ang payment slip ko ay nawala. Ano ang dapat kong gawin?

A. Makipag-ugnayan o tumawag sa Toyohashi City Hall Tax Division, sa kanila humihingi ng isyu ng payment slip kung sakaling ito ay naiwala.

Para sa iba pang katanungan, tumawag sa Toyohashi City Hall,
Tax Division ☎ 0532 - 51 - 2238

Q. Sa ngayon ay hirap akong magbayad ng buwis sa takdang oras. Ano ang dapat kong gawin?

A. Maaaring komunsulta sa Toyohashi City Hall Tax Division ng paraan ng pagbabayad na naaayon sa inyong kalagayan sa kasalukuyan. Mangyaring pumunta sa himpilan ng Tax Division. Ang detalyadong gabay ay nakasulat sa susunod na pahina.



# Konsultasyon sa pagbabayad

**<u>Para sa mga taong nakakaintindi at nakakapagsalita ng hapon</u>**

○ Lokasyon ng konsultasyon: Toyohashi City Hall Tax Division Window 21 Kanlurang bahagi ng gusali (Pangalawang palapag) ☎ 0532-51-2241

Oras ng konsultasyon: Lunes～Biyernes 8:30am～5:15pm

(Maliban sa Sabado, Linggo at pista opisyal)

**<u>Para sa mga taong hindi nakakaintindi/hindi nakakapagsalita ng hapon</u>**

Mayroong tagapagsalin ng wika na maaaring sumuporta sa oras ng konsultasyon.

## <u>Tagalog Interpreter</u>

Mayroong tagalog interpreter sa munisipiyo ng Toyohashi.

*** Oras kung kailan mayroong Tagalog Interpreter ***

Tagalog : ☎ 0532-51-2023

Tuwing Lunes, Martes at Miyerkules 10:00-12:00pm, 1:00~4:00pm
Huwebes at Biyernes 1:15pm~4:15pm

(Ang huling tanggapan ng konsultasyon ay 30 minuto mula sa oras na nakasaad sa itaas)

Toyohashi City Hall Multicultural & International Affairs Division
☎ 0532-51-2023





## Listahan ng telepono kung saan maaaring makipag-ugnayan

| Mga nais itanong | Sangay at telepono | |
|---|---|---|
| City & prefectural tax at iba pa<br>*/ Shi - Ken Minzei* | Citizens Tax Division | ☎<br>0532-51-2200 |
| Property tax（lupa）<br>*/ Kotei Shisanzei* | Property Tax Division | ☎<br>0532-51-2215 |
| Property tax（bahay）<br>*/ Kotei Shisanzei* | Property Tax Division | ☎<br>0532-51-2223 |
| Buwis para sa light motor vehicle (kei na sasakyan)<br>*/ Kei Jidoushazei* | Property Tax Division | ☎<br>0532-51-2210 |
| Para sa pagpapalabas ng mga sertipiko ng buwis at iba pa.<br>(income verification, tax certificates, tax-free certification) | Property Tax Division | ☎<br>0532-51-2229 |
| Mga katanungan para sa National Health Insurance tax<br>*/ Kokumin Kenkou Hokenzei* | National Health Insurance and Pension Division | ☎<br>0532-51-2295 |
| Konsultasyon ukol sa pagbabayad ng buwis | Tax Division | ☎<br>0532-51-2241 |
| Muling pag-issue ng payment book | Tax Division | ☎<br>0532-51-2238 |
| Pagbayad sa pamamagitan ng direct debit | Tax Division | ☎<br>0532-51-2235 |

# Tax Calender

| Buwan ng pagbabay ad<br>納期月 | Type of tax<br>税金の種類 | | | |
|---|---|---|---|---|
| | City・Prefectural Tax<br>市県民税 | Property Tax<br>固定資産税・都市計画税 | Light vehicle tax<br>軽自動車税 | National Health Insurance Tax<br>国民健康保険税 |
| 5月<br>Mayo | | unang yugto<br>第 1 期 | buong babayaran<br>全　期 | |
| 6月<br>Hunyo | unang yugto<br>第 1 期 | | | |
| 7月<br>Hulyo | | pangalawang yugto<br>第 2 期 | | unang yugto<br>第 1 期 |
| 8月<br>Agosto | pangalawang yugto<br>第 2 期 | | | pangalawang yugto<br>第 2 期 |
| 9月<br>Septyembre | | | | pangatlong yugto<br>第 3 期 |
| 10月<br>Oktubre | pangatlong yugto<br>第 3 期 | | | pang-apat na yugto<br>第 4 期 |
| 11月<br>Nobyembre | | | | panglimang yugto<br>第 5 期 |
| 12月<br>Disyembre | | pangatlong yugto<br>第 3 期 | | pang-anim na yugto<br>第 6 期 |
| 1月<br>Enero | pang-apat na yugto<br>第 4 期 | | | pangpitong yugto<br>第 7 期 |
| 2月<br>Pebrero | | pang-apat na yugto<br>第 4 期 | | pangwalong yugto<br>第 8 期 |

Sa pamamagitan ng direct debit maginhawa ninyong mababayaran sa oras ang inyong buwis.
★Mag-apply ng debit account sa mga bangko sa Toyohashi o kaya sa Japan Post Bank na malapit sa inyong lugar.★

Toyohashi City Hall Tax Division
Tel：0532（51）2253
豊橋市役所納税課

Tagalog
タガログ語版